CITY OF MILPITAS

455 EAST CALAVERAS BOULEVARD, MILPITAS, CALIFORNIA95035-5479
PANGKALAHATANG IMPORMASYON: 408-586-3000, TDD: 586-3013, www.ci.milpitas.ca.gov

Mahal naming may Lisensya ng Negosyo,

Noong Pebrero 21, 2017, ang Konseho ng Lungsod ng Milpitas ay nagpatibay ng Ordinansa Blg. 292 upang magtatag ng isang pinakamababang pasahod sa buong lungsod. Simula **Hulyo 1, 2021,** ang mga employer na napapailalim sa kinakailangang lisensya sa negosyo ng Lungsod o na mayroong isang pasilidad sa negosyo sa Lungsod, ay dapat magbayad sa bawat empleyado na nagtatrabaho nang hindi bababa sa dalawang (2) oras bawat linggo sa Milpitas, ng pinakamababang pasahod nang hindi bababa sa **$15.65 bawat oras.**

Epektibo sa Hulyo 1 ng bawat taon, babaguhin ng Lungsod ang pinakamababang pasahod batay sa Consumer Price Index ng Bay Area tulad ng inilathala ng Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos. Ang kinakailangang pinakamababang pasahod na nakasaad sa Ordinansa Blg. 292 ay inilalapat sa mga may sapat na gulang at menor de edad na empleyado na nagtatrabaho ng dalawa (2) o higit pang oras bawat linggo.

Dapat malaman ng mga employer ang mga sumusunod na kinakailangan:

- Dapat i-post ng mga employer ang nakalakip na Opisyal na Paunawa ng Pinakamababang Pasahod (Minimum Wage) at Mga Karapatan ng Manggagawang Sumusweldo ng pinakamababang pasahod sa mga lugar ng trabaho na ipinaaalam sa mga empleyado ang halaga at kanilang mga karapatan.
- Dapat idokumento ng mga employer ang lahat ng oras na nagtrabaho ang mga empleyado at magtago ng mga talaan sa loob ng apat (4) na taon.
- Labag sa batas na magdiskrimina o gumawa ng masamang aksyon laban sa sinumang tao gaganti para sa paggamit ng kanilang mga karapatan na protektado sa ilalim ng Ordinansa.
- Ang mga employer ay dapat magbigay ng kanilang pangalan, address at numero ng telepono sa pagsulat sa mga empleyado sa oras ng ma-hire sila.

Sa ilalim ng Ordinansa, ang mga empleyado na iginiit ang kanilang mga karapatan na tumanggap ng pinakamababang pasahod ng Lungsod ay protektado mula sa pagganti. Ang mga empleyado ay maaaring magsampa ng demanda sa sibil laban sa kanilang mga employer para sa anumang paglabag sa Ordinansa o maaaring magsampa ng reklamo sa Lungsod ng Milpitas. Sisiyasatin ng Lungsod ang mga posibleng paglabag, magkakaroon ng access sa mga talaan ng payroll, at ipatutupad ang mga paglabag sa kinakailangang pinakamababang pasahod sa pamamagitan ng pag-uutos ng pagbabalik ng mga empleyado, pagbabayad ng mga hindi nabayaran at ipinagkait na sahod nang ligal at mga parusa.

Para sa karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan, mangyaring bisitahin ang www.ci.milpitas.ca.gov/milpitas/departments/minimum-wage/. Maaari ka ring makipag-ugnay sa Lungsod ng San Jose sa (408) 535-8430 mywage@sanjoseca.gov